# Distrito ng Hangin ng Bay Area: Programang People's Air Grant

# Mga Pangunahing Tanong

## Ano ang Programang People's Air Grant?

- Ang Programang People's Air Grant ay mamamahagi ng pondo mula sa Pondo para sa Benepisyo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin, na isang beses na paglalaan na naaprubahan ng Lupon ng Mga Direktor. Ang mga pondong ito ay hindi galing sa pondo mula sa mga multa at susuporta ng mga proyekto sa mga apektadong komunidad para mabawasan ang pagkakalantad sa polusyon sa hangin at matugunan ang kalusugan ng publiko.
- Mamamahagi ang programa ng pondong $3,000,000 sa mga proyektong nagseserbisyo sa mga apektadong komunidad.
- Nagbukas ang mga application noong Marso 12, 2026.
- Para sa higit pang impormasyon, mangyaring pumunta sa www.baaqmd.gov/peoplesairgrant.

## Ano ang Lokal na Pondo para sa Benepisyo ng Komunidad - iba pa ba ito?

- Ang Lokal na Pondo para sa Benepisyo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin ay iba pa sa Programang People's Air Grant. Ididirekta nito ang pondo mula sa mga multa at ang iba pang pondo mula sa mga aksyon sa pagpapatupad sa mga komunidad ng Bay Area na apektado ng mga paglabag sa kalidad ng hangin sa pamamagitan ng mga grant na $100,000 hanggang $40 milyon.
- Sa pamamagitan ng programang Bay REPAIR (Pag-reinvest ng Mga Multa para sa Pagpapaganda ng Hangin at Katatagan o Reinvesting Penalties for Air Improvement and Resilience), susuportahan ng pondo ang mga proyektong pinapangunahan ng komunidad na nakakabawas ng polusyon sa hangin, nagpapaganda ng mga resulta sa kalusugan, at nagpapatatag sa ekonomiya para sa isang makatarungang transisyon mula sa mga mapaminsalang epekto ng ekonomiyang gumagamit ng fossil fuel.
- Mamamahagi ang Round 1 ng hanggang $95,000,000 pondo sa Benicia, Richmond, at mga nakapaligid na komunidad.
- Nagbukas ang mga application noong Enero 29, 2026.
- Para sa higit pang impormasyon, mangyaring pumunta sa www.baaqmd.gov/community-health/community-investments-office.

## Puwede bang maging kwalipikado ang organisasyon/entity ko sa parehong grant?

- Oo, puwedeng maging kwalipikado ang ilang entity sa parehong grant. Mangyaring pumunta sa webpage ng Programang People's Air Grant at ang webpage ng Tanggapan

para sa Mga Investment ng Komunidad para sa detalyadong impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado.

## Sa aling programa ng grant ako dapat mag-apply?

- Magiging depende ito sa kung saan gagawin ang iminumungkahi mong proyekto, ang uri ng proyekto na gusto mong ipatupad, at ang hinihiling mong halaga sa dolyar. Mangyaring pumunta sa webpage ng Programang People's Air Grant at ang webpage ng Tanggapan para sa Mga Investment ng Komunidad para sa detalyadong impormasyon.
- Puwedeng mag-apply ang mga aplikante sa parehong programa kung kwalipikado sila.
- Kakailanganin ng mga aplikante na sumagot ng dalawang magkahiwalay na application para maisaalang-alang sila sa parehong programa.